

# TALAS

TOMO 7

Talas: Interdisiplinaryong Journal  
sa Edukasyong Pangkultura  
Philippine Cultural Education Program





# TALAS

**Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura (Tomo 7)**

Philippine Cultural Education Program

**Talas: Interdisiplinaryong Journal  
sa Edukasyong Pangkultura (Tomo 7)**

Philippine Cultural Education Program  
ISSN: 2545-9368

Karapatang-ari ©2023  
ng Pambansang Komisyon  
para sa Kultura at mga Sining  
at Philippine Cultural Education Program

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng  
aklat sa alinmang paraan – grapiko,  
elektroniko, o mekanikal – nang walang  
pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari.

*Ang Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong  
Pangkultura ay dumaan sa double-blind na proseso  
ng pag-referee at taunang inililimbag.*

Inilathala at ipinamamahagi ng



**PAMBANSANG KOMISYON  
PARA SA KULTURA AT MGA SINING**

Room 5D #633 General Luna Street,  
Intramuros Manila  
Tel: (02) 8527-2192 loc. 529  
Email: pcep.secretariat@gmail.com



**KORO BULAKEÑO**

Gat Blas Ople Building  
Sentro ng Sining at Kultura ng Bulacan

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policymaking government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development: conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).



**LUPON NG EDITOR**

**Joseph "Sonny" Cristobal Ph.D.**

Punong Editor  
Direktor  
Philippine Cultural Education Program

**John Christopher B. Mesana**

Editor ng Isyu

**Franz Jude Ablegas**

Tagapamahalang Editor

**Cyndi Samaniego**

Language Editor in Filipino

**Joy Chavez**

Language Editor in English

**Lea Angela Hernaez**

Originality Checker

**Mervin Concepcion Vergara**

Tagadisenyo ng Pabalat at Journal

**SEKRETARYAT NG PCEP**

**Alpha Ruiz**

Program Officer

**Jennifer Barberen**

Information and Documentation Officer

**Agnes Villareal**

Administrative Officer

**KORO BULAKEÑO**

Glenn De Jesus  
Raymond Carlos  
Herminia Laudencia  
Consolacion Gamboa  
Estelita Dela Cruz

Tungkol sa Pabalat: Retratong kuha ni  
**Paul Sugano**; Canon FT QL; FL 50mm F1.4;  
Kodak Gold 200

# NILALAMAN

- 1** Paunang Salita  
*Joseph “Sonny” Cristobal*
- 3** Introduksyon  
*John Christopher B. Mesana*
- 5** Culture-based Instructional Design  
for Grade 10 Social Studies Indigenous People  
*Ren C. Care*
- 24** The Ayta-Learners in Mainstream Education Institutions:  
Implication to Inclusive Education  
*Keneth Tolentino*
- 58** The Epiphenomenon of Post-Colonialism: A Psychoanalysis  
Study of Jose Rizal’s Noli Me Tangere  
*Josephine May Grace A. Famoso*
- 72** Localized Crisis Response: Indigenous Cultural Practices  
in Cordillera during the Pandemic  
*Mary Jane Najarila*
- 88** Tungo sa Isang Pilosopiya ng Ginhawa  
*Roland Abinal Macawili*
- 113** Literary Criticism on Capiñon Folk Literature  
*Emmanuel Denolo Dayalo*
- 134** Pagsusuring Pangnilalaman sa mga Awiting Makabayan:  
Sipat sa Danas at Kalagayang Panlipunan ng mga Pilipino  
*Wincel M. Ocampo*
- 158** Dokyu: Pagbuo ng Dokumentaryo Bilang Estratehiya  
sa Pag-amlig at Pagtipig ng Kulturang Pinanubli  
*Michle M. Celeste and Nurdy D. Siason Jr.*
- 176** Mga Awtor/Authors

# Tungo sa Isang Pilosopiya ng Ginhawa

*Roland Abinal Macawili<sup>1</sup>*

<sup>1</sup>De La Salle University - Integrated School

## **Abstrak**

Ang papel na ito ay isang pagtatangka ng paghahawan ng landas tungo sa potensyal ng ginhawa bilang isang konseptong kultural-pilosopikal. Gagawin ang paghahawan mula sa pagtititistis ng ilang datos mula sa kasaysayan, kultura at maging sa wikang Filipino. Nahahati ang papel sa dalawang bahagi: una, ang talakay sa lagay ng Pilosopiyang Pilipino; pangalawa ang pagbubulaybulay tungkol sa ginhawa bilang konsepto, sa aspektong historikal, politiko-ekonomiko, at linggwistiko.

***Mga Susing Salita:*** Ginhawa, Pilosopiyang Pilipino, Kaluluwa, Austronesyano

Bunsod na rin ng kasalukuyang pandemya at pangangailangang lagi't laging labanan ang inip, naisip kong balikan ang isang lumang saliksik.

Pinaksa ng naturang saliksik ang *ginhawa* bilang isang *motif* sa kasaysayang Pilipino. Sinasabi rito na ginamit mismo ng mga indio ang naturang konsepto upang usisain, at kalaunan ay kabakahin, ang kolonyalismong Espanyol sa kapuluan. Taliwas sa napagkasunduan sa *Pacto de Sangre*, walang ginhawang napala ang mga indio sa 'pagkakaibigan' o 'kapatirang' ito.<sup>1</sup>

Gamit ang kasalukuyang lagay ng mga bagay bilang durungawan, nais kong unatin pa ang abot-tanaw tungkol sa paksang ito. Sa kabila ng ipinatutupad na malawakang kwarantena, nagkukumahog pa rin tayong hagilapin ang ginhawa. Sa wari, ang ginhawa ay isang unibersal na hangarin o tunguhin ng tao. Ang kasaysayang Pilipino nga, halimbawa, ay kasaysayan ng paghahanap at pagtatamo ng ginhawa – mula sa pangangayaw ng mga sinaunang pamayanan, hanggang sa mga paghihimagsik sa mga lalawigan sa panahon ng *Conquista*; mula sa Himagsikang Filipino noong 1896, hanggang sa pagparoo't parito ng mga *Overseas Filipino Workers* (OFW) sa kasalukuyan. Kaya naman, ilang aspekto ng kalinangang Pilipino ang nilikha at kinasangkapan sa layuning magtamo ng ginhawa, sa iba't ibang manipestasyon nito.

Sa pagkakataong ito, nais ko namang kapain ang posibilidad ng pilosopiya ng ginhawa. Ang kasalukuyang sanaysay ay isang pagtatangka na hawanin ang landas tungo sa paglawak at paglalim pa ng talastasan tungkol sa naturang paksa. Sa huli, maaari na ituring itong salaysay bilang isang ambag sa along pagpapaunlad sa Pilosopiyang Pilipino bilang isang proyektong akademiko. Bilang pagpapalawig nitong panimula, kailangan munang isalansan ang ilang tinig at opinyon tungkol sa Pilosopiyang Pilipino mismo, sampu ng kalikasan, kalakasan at kahinaan nito. Matapos ito ay saka naman natin uumpisahang ilantad ang ginhawa bilang isang sangkap o elemento ng Pilosopiyang Pilipino, batay sa kasaysayan, wika at kalinangang Pilipino.

## PAG-AABOT-TANAW SA PILOSOPİYANG PILIPINO

Umpisahan natin itong pagmumuni-muni tungkol sa ginhawa sa komento ng ilang Pilipinong pilosoper hinggil sa Pilosopiyang Pilipino. Sa pagtataya ni Emerita Quito:

*It is my personal opinion that there will not be any (Filipino philosopher). Our mentality or our Weltanschauung is too personal and emotional to allow a more transcendental way of viewing things. The Philippines has produced many artists, writers, economists, musician, even scientists, but I doubt whether there will be any philosophers. I would be most happy were I to be proved wrong.*<sup>2</sup>

Mawawalan siguro ng gana ang sinumang kumakatok na pumasok sa mismong pamimilosopiya kung mabubungaran niya ang ganitong pahayag. Ibinatay ang pagpapako ng imposibilidad ng pagkakaroon ng Pilipinong pilosoper (at kung gayon ay pati ng Pilosopiyang Pilipino) sa itinuturing na likas na katangian ng mga Pilipino – ang pagiging personal at emosyonal. Paano matatakas ang ‘likas’ kung nanunuot ito sa mismong pagkatao? Isinumpa yata na mawalan ng kakayahan ang Pilipino na mamilosopiya.

Gayumpaman, isa sa mga mag-aaral ni Quito ang ‘nagrebeldé’ at patutunayang nagmamadali masyado ang naging konklusyon ng guro. Susubukang bakasin ni Leonardo Mercado ang anumang maituturing na pilosopikal sa mga wika sa Pilipinas. Nariryan ang mga sangkap ng Pilosopiyang Pilipino, kailangan lamang hukayin sapagkat lumubog sa kasalimuutan ng karanasang kultural ng mga Filipino sa harap ng kolonyalismo.<sup>3</sup>

Dalawa ang maaaring maging kahulugan ng Pilosopiyang Pilipino ayon kay Quito – nilalaman at istilo. Gayumpaman, ang dalawang kahulugang ito ay tahasang winasak ni Quito mismo sa simpleng pangangatwirang unibersal dapat ang nilalaman ng pilosopiya! Dagdag pa niya, kapos ang mga wikang Pilipino para sa pamimilosopiya. Wala raw katumbas ang mga kataga tulad ng ‘*being, essence, existence, becoming, actuality, transcendence*’ sa ating wika.<sup>4</sup>

Sa ika-9 na yugto naman ng pangunahing *opus* ni Roque Ferriols, sinambit niya ang mga sumusunod:

*Madalas na may nagtatanong: Mag-iimbento ka ba ng pilosopiyang Pilipino? O kaya: Maari bang magkaroon ng pilosopiyang Pilipino? Ang mga tanong na iyan ay pag-aaksaya ng panahon. Kung talagang nais ng isang taong mamilosopiya, ang hinahanap niya ay ang totoo na nagpapakita sa kanya. At gagamitin niya ang anomang makakatulong sa paghanap sa totoo. Kung pinag-aabalahan niya’y Pilipino ba ako? o Intsik? o Indian? o kung ano? hindi na siya mamimilosopiya. Lalabas siyang gaya ng taong tingin ng tingin sa salaming walang katapusang pagka-bagabag na baka hindi siya mukhang Pinoy.<sup>5</sup>*

Direkta at nakasasapul agad ang sagot ni Ferriols. At tulad ni Quito, ang kawalang saysay ng tanong kung meron bang Pilosopiyang Pilipino ay iniluluwal ng katotohanang “Bukal sa lahat ng tao ang hanapin ang katotohanan”.<sup>6</sup> Ang paninindigang ito ni Ferriols ay nagbubukal sa paniwalang ang pilosopiya ay (dapat) unibersal, hindi nagmamaliw sa harap ng pagkakaiba ng mga kalinangan o kultura.

Gayumpaman, bukas si Ferriols sa potensyal ng pamimilosopiya ng mga Pilipino. Binibigyang diin ng kanyang mungkahi ang dalawang bagay – ang wika at kalinangan. Sa aspekto ng wika, natatanging konsiderasyon ang pagkakaunawaang malilikha, ng wikang gagamitin ng



namimilosopiya, sa pagitan niya at ng kanyang kapwa. Sa ganitong pamamaraan nagiging isang uri ng pakikipagkapwa ang mismong pamimilosopiya.

Ukol naman sa kalinangan, nakabubulaga ang yaman, lalim, at lawak ng meron. At dahil dito, “ang bawat kalinangan ay gumagamit ng iba’t-ibang huwaran sa kanilang pagsisikap na mabuhay sa isang diwang matino at malusog”. Naiiba samakatuwid ang huwaran sa ating kalinangan kaugnay ng pagtingin sa tao. Kasunod ng kalaliman ng tao ay ang kanyang pakikipagkapwa sa iba at sa Maykapal, kaya ang “datíng sa atin ng meron ay ugnayan”.<sup>7</sup> Mababanaag ang ganitong pagtingin tungkol sa tao-kapwa-daigdig-Maykapal sa natatanging kataga na sadyang may angking lalim – ang ‘loob’. Ang kalaliman ng tao, sampu ng kanyang pakikipagkapwa sa iba, ay masusumpungan sa loob. Sakop ng kalawakan ng loob ang mga realidad ng pagmamahal, pag-ibig, pakikipagkaibigan, pananalig, kalusugan, maging ang karamdaman, galit, at kamatayan – bumubukal mula sa domeyn ng personal at emosyonal. Sa temang ito naiba si Ferriols kay Quito. Habang tinitingnan ng pangalawa ang pagiging personal-emosyonal ng mga Pilipino bilang restriksyon o sagabal para matamo niya ang kakayahang mamilosopiya o makaambag sa mismong pilosopiya, itinuring naman ito ng una bilang potesyal na mapaghahanguan ng pamimilosopiya. Ito ang bukas-sariling pagtanggap ni Ferriols sa potensyal ng kalinangang Pilipino para mamilosopiya. May mahuhugot sa kalinangan para unawain ng Pilipino ang kanyang pagmemeron. Sa gitna ng pagturing na “makaluma at katawa-tawa ang mga katagang gaya ng ‘loob’, ‘pakikipagkapuwa’, at iba pa”, nananawagan si Ferriols ng *reappreciation* ng mga kataga upang mapagtanto ang lalim, lawak, at laman ng mga ito tungo sa pagkakaroon ng gamit sa ating pagtatanong at paghahabi ng mga sagot.<sup>8</sup>

Mula rito, mabibigyang saysay ang pagbasa ni Romualdo Abulad sa siniping pahayag ni Quito sa itaas. Ang estado ng pilosopiya sa Pilipinas ay repleksyon pa rin ng ating kinahinatnan bilang kabuuan matapos na ‘makalaya’ mula sa direktang kolonyalismo-imperyalismo ng tatlong magkakasunod na mananakop. Kung tutuusin, ilang dekada pa lamang ang nakalilipas mula noon. Kaya nananalaytay sa pahayag ni Quito ang kawalang pag-asa (*sense of despair*) dulot ng paghina ng mapagmuning pag-iisip sa bansa. Mungkahi ni Abulad na kailangang basahin ang siniping pahayag sa itaas bilang isang pagsubok sa atin ngayon. Punong-puno ng pag-asa ang pahayag ni Abulad tungkol sa pilosopiya sa Pilipinas:

*Culturally speaking, we are a nation without solid tradition. Is this a state of affairs that one should deplore? Sure enough, we might consider this predicament a weakness, but second thought could reveal it as a blessing and a strength. Of all peoples, we are in the best position to start anew from scratch, and in philosophy this could prove to be a fortune rather than a curse.*<sup>9</sup>

Maaaring ikabit ang kasaysayan ng Pilosopiyang Pilipino bilang proyektong akademiko sa kasaysayan ng pagsasakatutubo (*indigenization*) ng mga agham panlipunan sa Pilipinas. Itong

pangalawa ay nag-umpisa sa mga huling taon ng dekada sisenta, at nagkaroon ng higit na impetu sa panahon ng diktadura. Ang Pilosopiyang Pilipino, sampu ng Sikolohiyang Pilipino (ni Virgilio Enriquez), Pantayong Pananaw (ni Zeus Salazar), at Pilipinolohiya (ni Prospero Covar) ay pinanday ng mga kalagayang panlipunan at kultural na pinasalimuot pa ng mga nag-uumpugang moda ng nasyonalismo.<sup>10</sup> Kaya nga, ang Pilosopiyang Pilipino ay manipestasyon ng ligalig ng panahong pinagbukalan nito – panahon ito ng protesta, sa isang banda; ngunit mailalarawan din bilang panahon ng paghahanap sa sariling kakanyahan ng mga Pilipino bilang kabuuan, sa kabila.

Kung paniniwalaan si Leonardo Mercado, matagal na ring ‘tuta’ ng kaisipang Kanluranin ang mga Filipinong pilosoper. May naganap na ‘kolonyalismo’ sa pamimilosopiya ng mga Filipino, at ang mga pilosopo tulad nina Soren Kierkegaard o Jean Paul Sartre ang itinuturing na ‘kolonisador’. Kung gayon ay maituturing na akto ng pagliligtas ang Pilosopiyang Pilipino.<sup>11</sup>

Bilang isang ekspresyon ng tinagurian ni Mercado na *nasyonalismong intelektwal*, ang Pilosopiyang Pilipino ay sumasagwan din sa lohika ng paglaban sa hegemonya ng mga teorya o pilosopiyang iniluwal ng Europa at Anglo-Amerika. Ang Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, at Pilipinolohiya ay laging patungo sa pagkwestyon sa gamit ng modelo at teoryang Kanluranin upang unawain ang Pilipinas bilang isang kabuuan. Kalakip ng pagkwestyon ay ang paghahain ng alternatibo – ang paglikha ng mga kontrak at metodolohiya na nagbubukal sa ‘otentikong’ danas kultural ng mga Filipino, na magagamit sa pananaliksik. Idagdag pa rito ang pangangailangan sa paggamit ng wikang pambansa (i.e. Filipino) sa diskurso. Lahat ng ito ay tinitingnan bilang natatanging direksyon sa isang talastasang pangkabihasnan na maghahatid naman ng pagbubuo ng bansa.<sup>12</sup> Samantala, ang Pilosopiyang Pilipino (sa pormulasyon nito ni Mercado) ay patungo sa paghahanap sa mga naririyang nang moda ng pag-iisip, pangangatwiran, at maging kapaniwalaan ng mga Pilipino tungkol sa sarili, buhay, kamatayan, kapwa, kapaligiran, at iba pang maaaring danasin o arukin. Ang paghahanap sa Pilosopiyang Pilipino ay pagbabakas nito sa mga wika, kagawian at kaalamang bayan tulad ng mito, alamat, epiko, at kasabihan.<sup>13</sup>

Kapwa ang Pilosopiyang Pilipino at mga nabanggit na programa sa agham panlipunan ay matataguriang paghahagilap sa ‘esensya’ ng Pilipino bilang tuntungan o batayan ng analisis o interpretasyon. Gayumpaman, maaalala na isang katangian ng kultura ang pagiging dinamiko. Kung gayon, maitatanong nga kung tahasang ibinabasura ng Pilosopiyang Pilipino (sa naunang pormulasyon ni Mercado) at ng Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, at Pilipinolohiya ang ganitong pagtingin, o baka may pasubali sila rito – na habang nagbabago nga ang kultura ay may aspeto itong mananatiling naririyang, walang maliw, absoluto.

Kung ibinabasura man o pinasusubalian, mapangangatwiranang nga na kailangan ang ganitong tendensya ng mga proyekto na ang layunin ay bumuo ng identidad o pagkakakilanlan. Ang pagkakakilanlan bilang proyekto ay nangangailangan ng batayan.

Ang tanong kung meron bang Pilosopiyang Pilipino ay laging may inakay na tanong din. Ang ginagawa ba natin ngayon kaugnay ng dalumat ng ginhawa ay paghahanap ng o pagbubuo sa Pilosopiyang Pilipino? Kung ang mga pagpupunyagi natin ay paghahanap, e 'di mayroon nga. Naririyang lamang sila at nakaimprenta sa ating wika. Ang gagawin na lamang natin ay kalkalin ito. Kaya nga laging katuwang ng mga naunang nanaliksik sa Pilosopiyang Pilipino (muli, sa pormulasyon nito ni Mercado) ang linggwistika at antropolohiya.

Mag-iiba ang ihip ng hangin kung paninindigan na ang ginagawa natin ngayon ay isang pagbubuo. Sa tunguhing ito ay higit na kahinahunan ang kailangan. Wika pa ni Salazar,

*Kabinahunan din ang nararapat sa pagpapahiwatig o pag-iintindi ng "pilosopiyang Pilipino". Hindi dapat ipakita itong parang kabaligtaran lamang ng anumang nalalaman tungkol sa diwang Kanluranin. Indibidwalista ba ang mga taga-Kanluran? Samakatwid, tayo ay makagrupo, makapangkat, mapag-ibig sa kinabibilangang pamilya, angkan o anupamang kabuuan. Lobikal ba ang mga taga-Kanluran? Samakatwid, tayo'y mapagbuo ng kaisipan. Hindi maaari ang ganitong pag-iisip. Una, sapagkat nagawa na ito – at hindi ng sinumang katutubo, kundi ng mga Kanluranin mismo! Bahagi ito ng kanilang diyalektika o, kung hindi man, ng kanilang pag-iisip na laging may dalawang panig: "oo" o "hindi", "positibo" o "negatibo", "maganda" o "pangit", atbp.<sup>14</sup>*

Bigwas ito sa uri ng Pamimilosopiyang Pilipino ni Mercado. Halimbawa ng komplikasyong tinukoy ni Salazar sa itaas ang hinuha ni Mercado tungkol sa magkaibang pag-unawa ng mga taga-Kanluran at mga Filipino sa panahon. Palinawag ni Mercado,

*The Westerner and the Filipino look differently at time. The Westerner looks at time like a flat river which flows from the past, in the present, and into the future, and finally into the ocean of eternity where the river of time has stopped. In other words, the Westerner holds a strict distinction between the past, the present, and the future. Time runs horizontally or is linear. Since time for the Filipino is non-linear, the future, the present, and the past can somehow mingle . . . Because the Filipino's philosophy of time is non-linear, the future enjoyment tends to be anticipated in the present. That is why he often expects miracles to happen.<sup>15</sup>*

Sa wari, inilalahad lamang ni Mercado ang pananaw-sa-daigdig ng mga Filipino bilang negatibong kopya ng Kanluraning *Weltanschauung*. Ang ganitong reaktibong tendensya ang

sinusubukan namang kabakahin ni Salazar sa pamamagitan ng kanyang Pantayong Pananaw. Sa pagsusuma ni Ramon Guillermo, may dalawang uri ng diskursong reaktibo.

*Ang una ay ang pagtutol sa pag-iiba na ginagawa ng banyaga sa kanyang sarili sa harap ng “katutubo” upang maigiit ng huli ang kanyang pagkakapareho sa banyaga at sa gayo’y magkaroon ng karapatang matanggap bilang kahanay at kapantay nila. Ang ikalawa naman ay ang pagtutol sa banyaga sa pamamagitan ng pagbubuo ng larawan ng sarili o “kaakuhan” na kabaligtad at kasalungat ng “kakanyahan” ng banyaga, karaniwan hindi upang punahin ang mga pinakabatayang halagahin ng sibilisasyon Kanluranin o kaya magsagawa ng buong-buong pagtiwalaga dito, kundi upang makamit sa hiraharap ang inaasam-asam na “sintesis ng Silangan at Kanluran”.<sup>16</sup>*

Sa kasaysayang Pilipino, sina Jose Rizal at mga Ilustrado noong ikalabinsiyam na dantaon ang tagapamandila ng unang uri ng reaktibong diskurso. Walang ibang inasikaso sina Rizal kundi sagutin ang mapanghamak na deskripsyon/pagpapataw ng identidad ng mga Espanyol sa mga indio. Ang pangalawang uri naman ang siyang mahihinuha sa mga obra ni Mercado. Lalo pang mapapalakas ang ganitong paghahanay ng fakt na sa wikang Ingles dumadaloy ang diskurso ni Mercado. Kumbaga’y, laging papalabas ang diskurso ni Mercado; taliwas sa iminumungkahi ni Salazar na talatastasang papaloob (gamit ang wika at dalumatan ng kinakausap at pinag-aaralan ding Kapilipinuhan).

May naiibang tindig naman si Florentino Timbreza tungkol sa Pilosopiyang Filipino. Bagamat nakatuntong siya sa kanyang mga naging guro na naunang naghawan ng landas, si Timbreza ang nagbigay ng eksplesitong paliwanag kung ano ba itong Pilosopiyang Pilipino.<sup>17</sup> Ayon sa nasabing pilosoper, ang Pilosopiyang Filipino ay isang konstruktibong pilosopiya o yaong nagsasaad ng “isang pandaigdigang pananaw, ng isang larawan o persepsyon ng buong katunayan, isang pilosopiya ng buhay”. Bilang ekspresyon ng kabuuang kamalayan, pandaigdigang pananaw, paliwanag at pagpapakahulugan sa daigdig at maging ng uniberso, ang Pilosopiyang Pilipino ay maaaring magmula sa 1. panitikan; 2. mga sinulat ng mga bayani o ninuno; 3. pakikipanayam sa matatanda at katutubo; at 4. mga pampilosopiyang pagninilay.<sup>18</sup>

Ngayong mayroon na tayong tinutuntungang depinisyon ng Pilosopiyang Pilipino simulan na nating uriratin ang usapin tungkol sa metodolohiya.

Para saan ang paglikha ng metodolohiya? Sa mga punyagi tungo sa pagbabagong moda at landas, at maging pag-aagham, laging kalakip nito ang pag-asikaso sa metodo. Maaalala ang proyekto halimbawa ni Edmund Husserl na humantong sa pormulasyon ng penomenolohiya.<sup>19</sup> Ganito rin ang dapat tunguhin ng Pilosopiyang Pilipino kung mananatili ito bilang proyekto – ang pormulasyon ng metodolohiya nito.

Laging may sinasagot na pangangailangan ang metodolohiya. Lagi itong nakasandig sa tanong na kung anong kagyat na problema ang kailangang hanapan ng sagot. Sa naunang Pilosopiyang Pilipino, laging katuwang ang linggwistika at antropolohiya sapagkat ang hinahagilap na esensyal ay inaakalang matatagpuan sa wika at kultura. Natural lamang ang ganitong tendensya lalo na kung ang proyekto nga ay ang bumuo ng isang imahen ng pagkakakilanlang Pilipino sa *harap* ng imahen ng Iba. Makikita ang ganitong pagpupunyagi kapwa sa mga ginawa nina Mercado at Timbreza. Ang maituturing na pagkakaiba lamang ng dalawa ay ang medyum na ginamit sa kani-kanilang pamimilosopiya – Ingles ang kay Mercado, Tagalog/Filipino kay Timbreza.

Ngunit habang salik pa rin sa ating pag-iral bilang tao at bilang lipunan ang pagkakakilanlan, lalo na yaong maya't maya kung dalawin ng inferioridad at isip kolonyal, hindi na lamang ito ang problemang kinakaharap natin ngayon bilang isang kabuuan. At ang mga problemang ito, tulad ng kahirapan at kaapihan (sa iba't-ibang larangan), ay hindi masasagot ng simpleng paghahanap sa kung anong esensyal sa ating mga Pilipino. Ang mga problemang ito ay nangangailangan ng ibang metodolohiya.

Kung gayon, ang binubuo nating Pilosopiyang Pilipino ay yaong sumasagupa sa mga suliraning kagyat na kailangang hanapan ng sagot sapagkat ramdam ng sikmura at tumatagos sa kaluluwa. Ang tuntungan ng ganitong panawagan ay ang pamamandila ni Amable Tuibeo na ang pilosopiya ay hindi dapat mawalan ng *kabuluhang panlipunan*.

*That philosophy should clarify its language is a valid contention. But, I think to reduce philosophy into a mere 'activity' for the 'logical analysis of statements' . . . is to insulate and isolate philosophers from addressing issues affecting personal and private life. Philosophy must speak loud and clear about the world, its values and meaning – rather than be forever entrapped inside the 'bottle of linguistic puzzles'. To confine philosophy to the tedious discourse on the word rather than on the world is to deprive philosophy of social relevance.<sup>20</sup>*

Tungo rito ang suhestyon na maging *interdisiplinaryo* ang Pilosopiyang Pilipino. Hikayat ni Max Horkheimer<sup>21</sup> ang ganitong moda ng pananaliksik sa Pilosopiyang Panlipunan – ang makinabang ang Pilosopiya hindi lamang sa mga *output* ng pananaliksik ng iba pang dalubhasa o disiplina, kundi maging sa mga metodolohiya ng mga ito. Ito ay upang tingnan ang mga Pilipino sa lenteng pilosopikal sa parehong paraang diakroniko at sinkroniko. Na laging ang tuntungan ay ang 'dito' at 'ngayon'. Mababanaagan ng pagiging *interdisiplinaryo* ang pag-aaral ni Albert Alejo tungkol sa hermeneutika ng loob.<sup>22</sup> Mula sa kanyang paglubog at pakikiranas sa buhay ng mga manggagawa, mga tao sa looban, at iba pang itinuturing na nasa gilid (*marginalized*) tulad ng mga Lumad, pagkamangkaha at pagtataka ang naabot ni Alejo na nagtulak sa kanya na abot-tanawin (hiram mula kay Padre Roque Ferriols) ang kasalimuutan

ng loob. Ang pag-abot tanaw ni Alejo ay nag-umpisa sa pagharap sa mga naunang pag-abot tanaw sa loob, gaya ng kina Salazar, Mercado, Ileta, at iba pa. Ang pagharap na ito ay sinundan ng paghukbang para lapitan ang inaabot-tanaw. Ang mga paghukbang ay linggwistiko, sosyolohikal, literari, politikal tungo sa pag-unawa kung paanong inihahayag ng 'loob' ang sarili nito sa *katunayan* ng kultura, etika/moralidad, teolohiya, at pamahalaan.

Ilan pang usaping maaaring paghawanan ng landas ng Pilosopiyang Pilipino ay ang populismo sa Pilipinas ngayon. Maaaring sipatin ng Pilipinong pilosoper ang penomenong ito gamit ang analisis ng mga sosyolohista sa 'demokratisasyon' ng espasyong politikal na idinudulot ng *social media* tulad ng *facebook* – demokratisasyong nagbunsod naman ng paglaganap ng *fakenews*; maaari niya rin itong silipin gamit ang historiograpiya – ang pagbabanggaan ng mga alaala tungkol sa panahon ng Batas Militar (bilang Panahon ng Sigwa versus *Golden Age*). Maaaring kalkalin din (at nang tuluyang mailantad) ang talamak na tribyalisasyon at reduksyon ng katawan sa *War on Drugs* ng nakaraang administrasyon Duterte. Pinaliliit ang pagkatao ng tao dahil siya ay nasa impluwensya ng droga, *ergo* kapaslang-paslang at hindi na kwestyon ang karapatang pantao ng pinaslang sapagkat hindi na nga tao. Nito lamang, naging paksa ang panukalang batas na lumikha ng *Maharlika Wealth Fund* na ang pondo ay magmumula sa *Social Security System* at *Government Service Insurance System*. Bakit ganito ang reaksiyon ng tao sa panukalang batas? Anong mga dalumatan ang binangga nito? Magiging sapat kaya ang pangungumbinsi mula sa istadistika o ekonomiks para mapapayag ang balana na gamitin sa *investment* ang pondo para sa kanilang retirement, halimbawa?

Katulad sa anumang panahon, ang henerasyon ngayon ay humihingi ng pamimilosopiya upang pumuna, mangalampag, manggising. Higit sa ano pa man, ang temang ito ang dapat taglayin ng Pilosopiyang Pilipino nang hindi malubog sa kawalang-halaga (*irrelevance*).

Isang moda ng isang mapanuring pamimilosopiya ay manakanakang 'pagbabalik sa loob', halungkatin ang mga dalumat dito at kapain ang posibilidad sa gamit ng mga dalumat para unawain ang sarili o pangkat na kinabibilangan. Isang halimbawa ng dalumat na mapakikinabangan natin para magbulaybulay tungkol sa mga nabanggit na isyu sa itaas ay ang ginhawa. Batay na rin sa mga giya nina Salazar, Timbreza at Mercado, subukan nating sagutin kung ano ba ang ginhawa, at bakit ito mahalaga sa pag-unawa ng kaisipang Pilipino.

## *Ilang tala tungkol sa ginhawa*

### I

Sa pagsasakasaysayang ginawa ni Preciosa de Joya tungkol sa pilosopiya sa Pilipinas, nabanggit niya ang diumano'y *Philosophy of the Masses*.<sup>23</sup> Tuon nito ang praksis ni Leonardo Mercado na hagilapin ng mga 'sangkap' (*elements*) ng Pilosopiyang Pilipino mula sa metalinggwistika ng mga wika sa Pilipinas at penomenolohiya ng pag-uugali ng mga Pilipino. Nauna nang imbestigahan ng naturang pari ang mga termino/konsepto tulad ng *loob*. Ang kasalukuyang pananaliksik ay patungo sa kaparehong direksyon. Ang hanapin ang puwang ng *ginhawa* sa Pilosopiyang Pilipino. Sa hangaring ito, importanteng balikan ang mga ideya ni Zeus Salazar tungkol sa naturang dalumat.

Kung babalikan ang paliwanag ng naturang historyador-etnolohista sa tatluhang-panahunang pagtingin ng Katipunan tungkol sa daloy ng kasaysayan ng Katagalugan, mapapansin na ang ikatlong salansan ay tumutukoy hindi lamang sa pagbawi ng Kalayaan, kundi pati na rin ng ginhawa.<sup>24</sup>

Nauna nang binalangkas ng Katipunan ang lohika ng paninindigang pangkasaysayang ito sa isang dokumentong may petsang Enero 1982 (i.e. *Casaysayan, Pinagcasunduan; Manga Daquilang Cautosan*). Isinalaysay sa naturang dokumento ang pagnanasang 'jumiualay' sa Espanya udyok na rin ng 'malabis niyang ugali, matigas na loob, catacsilan at iba pang carumaldumal na gaua'.<sup>25</sup> Pasisidhiin pa ang paninindigan ito sa *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog* ni Andres Bonifacio. Sa naturang sanaysay, binuod na ng Supremo ang karahasan ng dantaunang kolonyalismo sa kapuluan. Inilarawan ang ilang aspekto ng maginhawang kaayusan bago ang *Conquista*, ang pangako ng pag-aakay na gagawin ng Espanya sa kinakaibigan noong Katagalugan, ang pagsira sa pangakong ito, at ang layong bawiin ang Kalayaan sa pamamagitan ng pagpapalitaw ng liwanag ng katotohanan. Itong huli, siyempre pa, ay ituturing nating prerekisito para sa isang napipintong paghihimagsik/himagsikan.<sup>26</sup>

Balingan natin ng ilan pang pagmumuni ang *Casaysayan*. Ilang kapsulang naglalaman ng mga kadahilanan ng pagnanasang humiwalay sa Espanya ay pawang hanapbuhay ang motibasyon – buwis, kaltas sa sahod, kita o ani, singil sa Aduana, hindi paglalahok sa mga Tagalog sa mga kasunduan may kinalaman sa kalakalan, pagpapahintulot na maagaw ng ibang lahi ang hanapbuhay ng mga Tagalog, hindi pagbibigay sa mga Tagalog ng mga pribilehiyong ibinibigay ng Espanya sa mga mamamayan nito. Mga hinaing ito na sa tuwina ay magpapalamlam sa ipinangangalandakang 'progreso' na ipinangako ng Espanya sa mga inaakay na indio.

Bumubukal sa ekonomiya ang ideolohiyang mapanghimagsik ng Katipunan. Pangunahing ugat ng kanilang nagpupuyos na galit sa Espanya ay mga isyung agraryo at pangkalakalan. Kumbaga'y

malapit sa sikmura! Malaon nang sinusubukan ng Bagong Kasaysayan na salungguhan ang pagkakaiba ng paninindigan ng Katipunan at Propaganda. Itong pangalawa'y nakatuon talaga sa pagpapahilom ng inferioridad na nararamdaman sa harap ng Iba (i.e. ang mga *Peninsular*.) na kalaunan ay mararadikalisa na lamang dahil sa layuning protektahan ang mga pribilehiyong inilalaan para sa kanilang uri (i.e. *principalia*). Walang pakialam ang Katipunan sa isyu ng identidad, sapagkat matatag ang kanilang pagkakakilala sa sarili. Kung may aspektong pang-identidad man ang kanilang pakikibaka, maaaring makita ito sa paggamit mismo ng wikang Tagalog sa kanilang mga sulatin at komunikasyon; maging ang taguri nila sa sarili bilang mga Tagalog na, siyempre pa, ay tumutukoy diumano sa lahat ng “tumubo sa Sangkapuluang ito”.<sup>27</sup> Mas nauunawaan nila ang inhustisya sa loob ng kaayusang kolonyal dahil sa mga nabanggit na komplikasyon sa ekonomiya. Mas nakatuon sila sa pagpapabalik ng ginhawa.<sup>28</sup>

Muli, sa isang pagkakataon ay nabanggit ko na ang ginhawa ay isang batayang konsepto na ginamit sa diskurso ng Katipunan para subukin, kung hindi man tuluyan nang lansagin, ang namumutawing lohika ng lehitimasyon ng kolonyalismo sa kapuluan.<sup>29</sup> Simple lamang ito. Walang idinulot na ikaiigting ng ginhawa ang pagkapadpad ng mga Espanyol sa Katagalugan, sa halip ay negasyon nito ang natamo ng mga indio. Ang Himagsikan ay isang paraan upang pabalikin ang ginhawa kay Inang Bayan/Haring Bayang Katagalugan.

## II

May kalawakan din ang kalaganapan ng ginhawa bilang isang dalumat. Kalat ito sa mundong Austronesyano.<sup>30</sup> Kung pagbabatayan ang mga kogneyt nito sa ibang wika sa Timog-Silangang Asya at Pasipiko mapapansin na ang ginhawa, maliban sa ilang realisyong maaapuhap sa itaas, ay tumutukoy sa paghinga. Makikita itong huli sa mga wikang Mansaka at Maranao bilang *g-inawa* sa Mindanao; Aklanon, Cebuano, Hiligaynon, Romblomanon, at Waray bilang *g-inháwa* sa Kabisayaan, at Bikol bilang *g-inháwa* sa Luzon. Mula rito, maaaring sabihin na sa kamalayang Austronesyano ang ginhawa ay tumutukoy talaga sa pinakabatayang elemento ng buhay, kung hindi man ito tumutukoy sa buhay *per se*. Sa Tausug, ang gi-nhawa ay nangangahulugang loob na bahagi ng tao, kaluluwa, at pag-iisip, samantalang sa Tagalog, ang kaparehong kataga ay nangangahulugan naman kasaganahan at maalwang o komportableng pamumuhay.<sup>31</sup>

Bilang batayan, mauunawaan nga natin lalo kung bakit napakainam ng ginhawa bilang panubok sa karahasang epistemiko na dulot ng kolonyalismo. Itong huli ay negasyon ng buhay mismo. Kaya naman ang himagsikan ay nagmimistulang laban para sa buhay.

Dulot na rin ng ilang prosesong linggwistiko (at historikal na rin marahil), magkakaroon ng kabuluhang sosyo-ekonomiko at sosyo-politikal ang ginhawa sa wikang Tagalog (katulad



ng pagkakagamit nito ng Katipunan). Pinangunahan ni Zeus Salazar ang pagpupunyagi sa paghawan ng landas tungo sa pag-unawang pilosopikal sa ginhawa. Nauna niyang binalangkas, bilang ambag sa noon ay umuunlad pa lamang na Sikolohiyang Pilipino, ang ugnayan ng katawan, kaluluwa at ginhawa. Wika ni Salazar,

*Ang kabuuan ng mga katangian at gawaing pandamdamin at pandama ng tao, ang kanyang persepsiyon sa anumang nangyayari sa loob at labas ng kanyang pagkatao, ang mga ito ay may malalim na pagkakaugnay sa ginhawa. Katunayan, ang ginhawa ang siyang batayan ng kaayusang pandamdamin at pandama ng tao. Ang ginhawa ang siyang nagbibigay ng 'gaan sa buhay' at ng kabaligtaran nito.<sup>32</sup>*

Sa naturang pagtatahip-dunong, ginamit ni Salazar ang iba't ibang datos mula sa etnograpiya at kasaysayan. Karaniwang puntirya, halimbawa, ng aswang ang atay sapagkat narito ang ginhawa. Kaya naman sa Bikol, isang kaugalian na kapag namatay ang datu ay isinasama sa kanyang ilibing ang isang alipin. Taliwas sa karaniwang akala, ginagawa ito hindi upang may makasama ang datu sa kabilang buhay kundi upang lansihin ang aswang. Sa halip na atay ng datu, ang atay ng alipin ng makukuha o mangangasab ng aswang. Samantala, ang pagpapanatili ng kaluluwa sa loob ng katawan ay pagpapanatili rin ng ginhawa.<sup>33</sup> Dito naman umiinog ang buong mekanismo ng etnomedisina kung saan ang babaylan ang pangunahing personahe. Mula sa nabanggit, mauunawaan ang kahalagahan ng anting-anting. Ang paglabas o pagkuha (ng aswang, halimbawa) ng kaluluwa mula sa katawan ay itinutumbas sa masamang pakiramdam o sakit. Ang pagiging malusog ay nangangahulugan namang laging nasa katawan ang kaluluwa. Sa layuning ito ginagamit ang anting-anting – na hindi makalabas/makuha ang kaluluwa sa katawan. Kaya naman hinahangaan sa pamayanan ang mga Bayani.<sup>34</sup> Tatuan kasi ang mga kalalakihang ito tanda na rin ng kanilang ambag sa pangangayaw. Hinahangaan (at kinatatakutan na rin) sapagkat ang tatu ay nagsisilbi ring anting-anting. Kumbaga, ang tatu ay nangangahulugan hindi lamang ng kalakasan kundi pati na rin ng kalusugan ng isang bayani.<sup>35</sup> Mula sa simpleng 'paghinga', ang ginhawa ngayon ay nangangahulugan na ring 'maganda/mabuting pakiramdam'.

Sa teorisasyon din ni Zeus Salazar matatagpuan ang pagbibigay ng kabuluhang ekonomiko-politikal sa ginhawa. Umiinog diumano ang lahat ng gawain/kabihasan sa barangay sa layuning magdulot ng ginhawa sa loob ng mismong barangay. Nabanggit na sa itaas ang pundamental na gawain ng Babaylan kaugnay ng etnomedisina. Lagpas dito'y malaki ang ginagampanan papel niya sa relihiyon pati na rin sa agrikultura. Sa pangangayaw naman mabibigyang saysay ang gawain ng datu at bayani. Pangunahing layunin nito ang pangunguha ng mga magiging alipin. Itong huli naman ay ipupunta sa nangayaw na barangay upang bumuo ng lakas-pagsaka, maliban sa mga mapupugot na ulo na iaalay sa mga anito upang 1) mapanatiling masagana ang ani; 2) maging palaanak ang mga alagang hayop; 3) upang maging palaanak ang babae. Pansinin na ang sentral na motibasyon ng pangangayaw ay ang pagpaparami ng

lakas-pagsaka na bubungkal sa anumang potensyal ng lupa. Siyempre pa'y mahalaga rin ang ginampanang papel ng mga panday/anluwagi para sa paglikha ng mga kagamitang gawa sa bakal o kahoy. Mula sa mga nabanggit tungkol sa pangangayaw – lohikal na sabihin na ang mga gawaing kalakip nito ay patungo sa pagpapanatili na maayos ang suplay ng pagkain sa loob ng barangay. Bagamat sapin-sapin ang manipestasyon ng ginhawa sa loob ng barangay, pangunahing manipestasyon pa rin nito ang pagkakaroon ng sapat (kung hindi siksik, liglig at umaapaw, ika nga ng El Shaddai) na pagkain.<sup>36</sup>

### III

Natukoy na natin ang ilang kahulugan ang ginhawa – hindi na lamang ito simpleng paghinga at pagiging malusog, tumutukoy na rin ito sa katiyakan ng pagiging busog, at ang may kalawakang kahulugan na mabuti/magandang pakiramdam. Mula sa mga nabanggit na, kailangang salungguhitan na ang ginhawa ay dapat unang maramdaman ng o makita sa katawan. Walang anumang kabuluhang metapisikal ang ginhawa. Mas materyal ito kaysa ispiritwal. Kahit na ang kakabit na konseptong kaluluwa na sa paniniwala ay kailangang panatilihing nasa loob ng katawan ay hindi makapagbibigay ng inaakalang dimensyong ispiritwal sa pagpapakahulugan o pag-unawa sa ginhawa ng mga Pilipino bago ang kolonisasyong Espanyol.

Nais ko lamang bigyang diin ang nauna nang punto. Ang ginhawa ay dapat na naisasadaigdig! Maituturing na patunay nito ang pagkakaugnay ng ginhawa at kasagahan. Ayon pa kay Consuelo Paz,

*Another set of cognates that relate to the topic of well-being, likewise meaning absence of want or free from pressures or problems, is that which includes Tausug and Badjaw, kasangyangan (peaceful, order); Naga Bikol and Sorsogon, kasanggayahan (prosperity, free from pressure/problems); and Tagalog, kasaganahan (prosperity). The initial ka- and final -an/-han are affixes in these contemporary forms. It is proposed here, albeit tentatively, that these words could have come from \*(ka)sangyaga(an). The g in the earlier form developed into a homorganic velar nasal written as ng \*sangyanga; then on the affixation of -an, the final -a of the stem and that of the affix underwent complete assimilation of became one, resulting in Tausug and Badjaw kasangyangan. In Bikol and Sorsogon, y and g underwent metathesis or changed places resulting in kasanggayahan. The Tagalog cognate underwent a more complex change: y developed into a homorganic n on assimilation to the nasal ng (\*sangnaga); metathesis of n and g on the assimilative pull of homorganic ng (\*sanggana) then this ng underwent complete assimilation to the following g (saggana), which then simplified into a single g since Tagalog does not have geminate or double consonant, hence kasaganahan.<sup>37</sup>*

Kaya naman maaaring gamiting magkasingkahulugan (sa wikang Tagalog) ang ginhawa at kasaganahan.

Kung iuunat nga natin ang ginawang analisis sa itaas, bumabangga talaga ang ginhawa sa anumang proyektong kolonyal, lalo na kung ang pagtutuunan ng pansin ay ang paggamit sa relihiyon (i.e. Katolisismo) upang isakatuparan ang huli. Ang relihiyon bilang aparatong kolonyal ay laging nananawagan sa pagiging kalugod-lugod ng tao para sa langit. Lagi't lagi ngang kailangan *i-reinforce* ng kolonyalismo ang kamatayan bilang isa sa mga sandigan ng ideolohiya nito. Ang buhay sa daigdig ay preparasyon lamang para sa dapat asamin na kalangitan. Iba't ibang seremonya at tradisyon ang kailangang danasin ng katawan upang makamit ito. Isa na rito ang pagpapasailalim sa titig ng kumpisalan. Tinalakay na, halimbawa, ni Francis Gealogo ang institusyonal na pangiangalam na ito.<sup>38</sup> Kailangang isuko ng isang nangungumpisal ang ilang ikaliligaya dulot ng libog (na isa naman talagang manipestasyon ng ginhawa bilang magandang pakiramdam) upang maging kalugod-lugod sa langit.

Ang tahasang pangiangalam ng kolonyalismo sa ahensya ng katawan ang isa sa mga malinaw na pagbanga nito sa ginhawa ng tao.

Ilang halimbawa pa ang maaaring banggitin. Ang *polos y servicios* o sapilitang paggawa ay isang pagsasawalang-ginhawa. Maliban sa wala itong bayad (taliwas sa naunang kautusan), may palo pa! Isang komplikasyong dulot nito ay ang pagkakatengga ng mga lupain sa ilang probinsya. Dinadala kasi ang mga kalalakihang edad 16 hanggang 60 sa Cavite, halimbawa, upang gumawa ng galyon.<sup>39</sup> Karamihan sa kanila ay mula sa Kabisayaan, dahil na rin sa tanyag sila sa pandaragat. Bilang resulta nito ay ang kawalan ng mga magtatanim ng pala, na magbubunsod ng gutom sa mga naiwan. Tandaan na isa sa mga pangunahing manipestasyon ng ginhawa ay ang pagiging busog.

At ilan bang pag-aaklas/paghihimagsik bago ang Himagsikang 1896 ang idinulot ng pangiangalam ng kolonyalismo sa katawan at lupa? Ang pag-aaklas ni Sumuroy noong 1649-1650, pag-aaklas ni Francisco Maniago noong 1660-1661, at ang pag-aaklat agraryo sa Batangas, Cavite, Laguna at Bulacan noong 1745 ay ilang halimbawa lamang. Kaya nga, ang ginhawa ay kinasasangkutan talaga ng kaugnayan ng katawan sa lupa na pinanggagalingan ng ikabubuhay nito.

## IV

Ang ganitong direksyon ng analisis ay maaari rin nating matunghayan sa paminggalang bayan (*community pantry*). Itong huli ay maituturing na inisyatibang bayan sa kabila ng kapabayaan ng nakaraang administrasyon, at kawalang-kakayahan nito na panatilihin ang ginhawa ng

taumbayan sa gitna ng dinaranas na pandemya. Interesante nga na sa Maginhawa Street sa Diliman, Lunsod Quezon ito naunang naitayo.

Mahalaga ang gampanin ng pamahalaan sa pagdudulot ng ginhawa. Nasa ibaba ang ilang tala.

Bagamat isinasalin sa wikang Ingles ang pamahalaan bilang *government*, at sa wikang Kastila ay *gobierno*, marapat na salungguhitan pa rin ang pagkakaiba ng nauna sa dalawang salin kung pag-uusapan ay ang mga kahulugan nito. Sa layuning ito, marapat na alamin ang pinagmulan ng pamahalaan sampu ng ibang dalumat na maikakabit dito.

Kaugnay nito, dapat ding alamin kung kailan unang lumitaw ang pamahalaan sa leksikograpiyang Pilipino. Bilang pagpapalalim, bigyan ng higit na pansin ang mga penomeno at puwersang pangkasaysayan sa panahon na unang nakita sa talasalitaang Pilipino ang naturang katagadalamat (bagamat masasabi din na marahil ay ginagamit na ng mga Tagalog ay naturang salita sa mga talastasan bago pa man masilayan nila ito sa mga diksyonaryo).

Iminumungkahi na bahala ang salitang ugat ng pamahalaan. Alalaumbaga’y binubuo ito ng bahala at ng unlaping pang- at hulaping –an. Ang pang-bahala-an sa kalauna’y magiging pam-bahala-an, pagkatapos ay hindi na masasambit ang tunog ng /b/, samakatuwid ay pamahalaan? Sentral ang dalumat ng bahala.

Ano ang bahala?

Sangguniin natin ang unang diksyonaryong nalimbag sa Pila, Laguna noong 1614 – ang diksyonaryo ni San Benaventura. Narito ang ilang entri<sup>40</sup>:

*Cuydado : Bahala pp : interior que le da pena, nagbabahala .2.ac. estar con cuydado, ypinagbabahala .2. P. la persona que se le da, pinagbabahalaan co ding masacqit, realmente que meda mucho cuydado, imp : pabahalaan mo aco. t. magvalacanan bahala, pierde cuydado que ami cargo queda.*

Dito’y *cuydado* o *cuidado* (pakialam o care sa Inggles) ang salin ng bahala. Maliban dito’y dapat ding salungguhitan ang *pena* (hiya o shame). Malinaw na pinag-uugnay sa entring ito ang bahala at hiya bilang mga pakiramdam (i.e. *interior que le da pena*). Maiuugnay pa nga ito sa sinabi ni Emilio Jacinto sa kaniyang Kartilya, “Sa taong may hiya, ang salita’y panunumpa”. Maliban sa ang bahala ay pagkakaroon ng pakialam kaugnay ng hiya, mabibigyan pa ito ng kahulugan bilang pagkakaroon din ng responsibilidad (i.e. *pabahalaan mo aco. t. magvalacanan bahala, pierde cuydado que ami cargo queda*). Malimit nating maririnig sa kaibigan o kamag-anak natin sa tuwi-tuwina ng kailangan natin ng tulong na “Akong bahala riyan!”. Ang naturang pahayag ay pag-atas ng nagsabi sa sarili niya ng responsibilidad.

*Oluidarse : Valan bahala pp : de la injursa hecha a el, duo dic .Vi. Perdonar : vinala con an bahala ang tanang vyca mong masama sa acqin, ya me e oluidado de todas las palabras malas q- me dijiste.*

Sa pangalawang ibinigay na entri, ginamit ang bahala kasama ang *valan* o walang bilang salin ng *oluidarse* o *olvidarse* (limot). Mahihinuhanang iba na sa nauna ang kahulugan ng bahala. Masasabing ‘alalahanin’ ang ibig sabihin ngayon ng bahala (i.e. *vinala con an bahala ang tanang vyca mong masama sa acqin*, o ‘winalang bahala ko ang tanang wika mong masama sa akin’). Maiuugnay pa ito sa susunod na entri.

*Peturbar : Bigaybahala pp : al que esta fotegado, duo dic: bigaybahala.l.dan enqen tender alquie to, hovag cang magbigay bahala fa acqin, nome perturbes.*

Dito’y mas lumilina sa maaari talagang alalahanin din ang ibig sabihin ng bahala (i.e. *hovag cang magbigay bahala fa acqin*, o ‘huwag kang magbigay bahala sa akin’).

Kumbaga, implisito sa kahulugan ng pamahalaan ang responsibilidad at pakialam na bumubukal sa hiya, na kapag hindi nito nagawang bigyang ginhawa ang Bayan ay mayroon dapat itong alalahanin o sa madaling sabi pa’y dapat itong mabahala.

Maiuugnay nga ang bahala bilang tungkulin, pakialam, at hiya sa mismong ideolohiya ng Katipunan hinggil sa Pinuno. Sa *Ang Bayan at ang mga (Gobierno) Pinuno* na bahagi ng *Liwanag at Dilim* ni Emilio Jacinto, nabanggit na rin ang Pamahalaan bilang ‘pinakaulo, ng isang kapangyarihang una sa lahat na sukat makapagbigay ng magandang ayos, makapagpanatili ng tunay na pagkakaisa at makapagakay sa hanganan ninais). Ang mga Pinuno ng Bayan naman ang siyang gaganap ng kapangyarihang nabanggit.<sup>41</sup>

Ano ang tungkulin ng Pamahalaan sampu ng Puno ng Bayan? Ito ay ang “umakay sa Bayan sa ikagiginhawa. At ang hindi pagkatamo sa tungkulin ito, kung ‘maghirap at maligaw ay kasalanan nila”. Sa sandaling nagkasala ang Pamahalaan at ang Pinunong Bayan sa Bayan, hindi nga sila makaliligtas sa parusa sapagkat ang kapanagutan nila ay nasa Bayan mismo (Ang kadahilanan nga ng mga Pinuno ay ang Bayan, at ang kagalingan at kaginhawahan nito ay siyang tanging dapat tunguhin ng lahat nilang gawa at kautusan).

Binigyang linaw din sa *Liwanag at Dilim* ni Jacinto na maling isiping ang Pinuno ay panginoon ng Bayan. Matatandaang eksplisito nang sinabi sa *Mga Aral ng Katipunan ng mga A.N.B* na “Maitim man at maputi ang kulay ng balat, lahat ng tawo’y magkakapantay; mangyayaring ang isa’y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda, ngunit di mahihigtan sa pagkatawo”. Maliban pa rito’y ang kapangyarihan ng Pinuno ay ipinagkaloob ng Bayan. Na bagamat ang Bayan ay

may utang na loob sa kaniya dahil sa ang kanyang tungkulin at matwid ay laan para sa una, ito naman ay sinusukat sa kapakinabangan at niloloob ng Bayan.

Ang pag-ibig at pagmamahal ng Bayan ang siyang pinagbubukalan ng kapangyarihan ng mga Pinuno. Hindi ito makukuha sa dahas o takot, kundi sa “maganda’t matuid na pagpapasunod”.<sup>42</sup> Sa kasamaang palad, taliwas sa mga ibinigay na obserbasyon ang nakaraang administrasyon (na binansagan ng isang Pilipinong pilosoper na si Jose Mario de Vega bilang Fentanylismo).<sup>43</sup>

Kaya natural lamang siguro na umasa na lamang ang tao sa sarili at sa kapwa (bilang ekstensyon ng sarili). At ito nga ang makikita sa paminggalang-bayan. Higit sa ano pa man, isa itong pakikipagkapwa-tao. Ramdam ang gutom na dinaranas ng iba sapagkat ang iba ay hindi naman talaga iba kundi larawan din ng sarili. Ang ginhawa ng sarili ay dapat maramdaman din ng iba. Kaya mapangangatwiran ang pagturing ng ilan sa paminggalang bayan bilang bayanihan. Makikita ang sama-sama pagbubuhay sa isa’t-isa.

May nagsasabi na rebolusyonaryo ang paminggalang-bayan (na naging dahilan pa ng pagkakaragd-tag nito sa mata ng ilang ‘kritiko’)<sup>44</sup>. Ayon sa mga ito, komunista di-umano ang paminggalang-bayan sa Maginhawa. Ang batayan ng naturang akusasyon ay ang simpleng paggamit sa pangungusap na “*From each according to his ability, to each according to his needs*” (Aleman: *Jeder nach seinen Fähigkeiten, jedem nach seinen Bedürfnissen*). Islogan kasi itong huli na matatagpuan sa aklat ni Karl Marx na *Kritik der Gothaer Programms*. Walang reserbasyon ang dapat na maramdaman o makita sa ganitong pagtataguri. Sa gitna ng kalisyangan, ang akto ng kabutihang loob ay isang akto ng ‘rebolusyon’.

### *Ilang huling tala*

Ang pilosopiya ay isang aktibidad. Kailangan itong maya’t mayang gawin. Ganoon din ang dapat mangyari kung ang nais ay ang pagpapatingkad pa ng Pilosopiyang Pilipino. Sa giya ng mga naunang Pilipinong pilosoper, inihapag ang isang pagninilay tungkol sa ginhawa kaugnay ng kasalukuyang pandemya at kung paanong ang mga Pilipino ay nagsusumigasig na mabuhay sa gitna nito. Sa giya nina Mercado at Timbreza, langkapan na rin ng ilang ideya mula kay Zeus Salazar (na kung tutuusin ay isa naman talagang pilosoper ng kasaysayan), maaari pang unatin ang pag-unawa ng mga Pilipino tungkol sa ginhawa, sa isang banda; at sa Pilosopiyang Pilipino, sa isa pa.

Hindi pa tapos itong punyagi. Maaari pa itong dugtungan. Ang ginawa sa ngayon ay hagilapin ang ilang sangkap ng pilosopiya ng ginhawa sa ating wika, kultura at kasaysayan. Sa ikalalago pa nito, maaari rin namang gamitin ang penomenolohiya, halimbawa, upang pulsuhan ang likas na danas ng mga Filipino sa ginhawa. Sa metapora’y isang paglundag pa lamang ang ginawa sa kasalukuyang papel. At maaari itong ituring na imbitasyon na tuluyan nang languyin at sisirin ang kalawakan at kalaliman ng ginhawa.

## Mga Tala

<sup>1</sup> Maaaring tingnan ang draft ng salaysay bilang Roland A. Macawili, *Ginhawa and the Interpretation of Colonialism with Reference to Indio's Reaction to Polos y Servicios: An Overview*. [https://www.academia.edu/28107831/Ginhawa\\_and\\_the\\_Interpretation\\_of\\_Colonialism\\_With\\_Reference\\_to\\_Indios\\_Reaction\\_to\\_Polos\\_y\\_Servicios\\_An\\_Overview](https://www.academia.edu/28107831/Ginhawa_and_the_Interpretation_of_Colonialism_With_Reference_to_Indios_Reaction_to_Polos_y_Servicios_An_Overview). Inakses 5 Disyembre 2022.

<sup>2</sup> Emerita Quito, “Lectures on Comparative Philosophy” sa *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita Quito* (Manila: De La Salle University Press, 1990), pp. 497-527.

<sup>3</sup> Tingnan ang Leonardo Mercado, *Elements of Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974).

<sup>4</sup> Quito, *op.cit.*

<sup>5</sup> Roque J. Ferriols, S.J. *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications Ateneo de Manila University, 2002), pp. 277-285.

<sup>6</sup> Ibid.

<sup>7</sup> Ibid.

<sup>8</sup> Ibid.

<sup>9</sup> Romualdo E. Abulad, “Introduction” sa *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita Quito* (Manila: De La Salle University Press, 1990), iv.

<sup>10</sup> Para sa kasaysayan ng naturang ‘programa tungo sa pagsasakatutubo’, tingnan ang ikalimang kabanata ng S. Lily Mendoza, *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino-American Identities* (New York: Routledge, 2002), pp. 43 – 122.

<sup>11</sup> Tingnan ang Emmanuel C. de Leon at Marvin Einstein S. Mejaro, “An Interview with Leonardo Nieva Mercado, SVD”, sa *Kritike* Volume 10 Number 2 (Disyembre 2016): 1-20.

<sup>12</sup> Mababasa ang ganitong programatikong paninindigan sa mga akda ni Zeus A. Salazar, halimbawa, na mababasa sa Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente

Villan. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan Pambungad na Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000).

<sup>13</sup> Makikita ang ganitong direksyon sa pananaliksik sa Leonardo Mercado, “Soul and Spirit in Filipino Thought”, sa *Philippine Studies* 39 (1991): 287-302.

<sup>14</sup> Zeus Salazar, “Ilang Batayan para sa Isang Sikolohiyang Pilipino”, sa Rogelia Pe-Pua (pat.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1982), p. 54.

<sup>15</sup> Leonardo Mercado, *Applied Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1977), pp. 33 – 35.

<sup>16</sup> Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009), p. 53.

<sup>17</sup> Tungkol sa kasaysayan ng pormulasyon ni Florentino Timbreza ng Pilosopiyang Filipino, tingnan ang Emmanuel C. De Leon, *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (Maynila: Aklat ng Bayan, 2019), pp. 87 – 129.

<sup>18</sup> Florentino Timbreza, *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino* (Quezon City: C&E Publishing, Inc), pp. 3 – 5.

<sup>19</sup> Tingnan ang Edmund Husserl, *Ideas: General Introduction to Pure Phenomenology* (New York: Collier Books, 1962).

<sup>20</sup> Amable Tuibeo, *Introduction to Philosophy: A New Perspective* (Manila: FCA Printhouse, 2010), p. 16.

<sup>21</sup> Nabanggit ito ni Horkheimer sa kanyang inaugural speech sa *Institut für Sozialforschung*. Maaaring makita sa <https://www.marxists.org/reference/archive/horkheimer/1931/present-situation.htm>

<sup>22</sup> Albert E. Alejo, *Tao po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao* (Quezon City: Office of Research and Publication Ateneo de Manila University, 1990).

<sup>23</sup> Preciosa A. De Joya, *In Search of Filipino Philosophy* (Singapore: National University of Singapore, 2013), pp. 186-190.



<sup>24</sup> Tingnan ang Zeus A. Salazar, “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History”, sa Zeus A. Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Caritas Association for the City of Cologne, 1983), pp. 107-126.

<sup>25</sup> Makikita ang dokumento sa Jim Richardson, *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013), pp. 6-20.

<sup>26</sup> Mula sa pagkakasipi ng Reynaldo C. Ileta, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840 – 1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University of the Philippines, 1979), pp. 82–83. May bersyon ito, na bahagyang iwinasto ang pagbaybay ng ilang salita ayon sa kasalukuyang Sistema, sa Virgilio S. Almario, *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013), pp. 136-138.

<sup>27</sup> Tingnan ang Emilio Jacinto, “Katipunan nang manga A.N.B. – Sa May Nasang Makisanib sa Katipunang Ito”, sa Adrian E. Cristobal, *The Tragedy of the Revolution* (Makati City: Studio 5 Publishing Inc., 1997), p. 46; José P. Santos, *Buhay at mga sinulat ni Emilio Jacinto* (Manila: José Paez Santos, 1935), pp. 59–63.

<sup>28</sup> Matutunghayan ang ganitong paninindigan ng Bagong Kasaysayan sa Zeus A. Salazar, *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999).

<sup>29</sup> Macawili, *op.cit.*

<sup>30</sup> Tingnan ang disertasyong Ma. Carmen V. Penalosa, *Hanapbuhay: The Filipino Bureaucrat’s Quest for Ginhawa in the Workplace: Its Implications for Understanding Bureaucratic Corruption* (Quezon City: National College of Public Administration and Governance UP-Diliman, 2015). Ang buong talakay sa aspektong linggwistiko, historiko at antropohikal ay matatapan sa ikalawang kabanata.

<sup>31</sup> Ibid. Ang mga entri sa itaas ay mula sa Austronesian Comparative Dictionary na maaaring matagpuan sa [https://www.trussel2.com/acd/acd-w\\_g.htm](https://www.trussel2.com/acd/acd-w_g.htm).

<sup>32</sup> Zeus Salazar, “Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Pagliliunaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya”, sa *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino: Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kamulatan* (Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1977), p. 140.

<sup>33</sup> Zeus Salazar, “Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines”, sa Zeus A. Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Caritas Association for the City of Cologne, 1983), pp. 100 – 101.

<sup>34</sup> Tingnan ang Zeus Salazar, *Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino* (Lunsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan, 1997).

<sup>35</sup> Komunikasyong personal kay Zeus Salazar.

<sup>36</sup> Zeus Salazar, *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas* (Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2004), pp. 12 – 13.

<sup>37</sup> Nasa Consuelo Paz, *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati: Essays on Well-Being, Opportunity/Destiny, and Anguish* (Quezon City: University of the Philippines, 2008).

<sup>38</sup> Francis A. Gealogo, “Kasalanan sa Ikaanim na Utos: Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal Noong ika-19 na Dantaon” sa Mary Dorothy dL. Jose at Atoy Navarro, *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (Quezon City: C&E Publishing, Inc. 2010), pah. 68-81.

<sup>39</sup> Tingnan sa Teodoro A. Agoncillo and Milagros Guerrero, *History of the Filipino People* (Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co, 1977); Gregorio F. Zaide, *The Pageant of Philippine History: Political, Economic, and Socio-Cultural* volume 1 (Manila: Philippine Education Company, 1979).

<sup>40</sup> Ang lahat ng entri rito kaugnay diksyonaryo ni San Benaventura ay mula sa websayt na <http://sb.tagalogstudies.org/>. Pasasalamat kay Jaime Tiongson para sa punyaging ito.

<sup>41</sup> Sangguniin ang kopya ng Kartilya ni Emilio Jacinto sa Zeus A. Salazar, *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999)

<sup>42</sup> Para sa pag-iiba sa katuiran ng KKK at sa reason, razon, raison mulang Enlightenment/Ilustracion/Le Lumiere ng Kanluran, basahin ang Zeus Salazar, *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999).

<sup>43</sup> Jose Mario de Vega, “Ang Community Pantry bilang Sampal at Rebelyon”, sa *Rappler* (21 Abril 2021). <https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-community-pantry-slap-face-rebellion>. Inakses 26 Hunyo 2021.

<sup>44</sup> Iya Gozum, “Red-tagging of Community Pantry sparks uproar online”, sa *Rappler* (April April 2021). <https://www.rappler.com/moveph/philippine-government-red-tagging-community-pantry-sparks-uproar-online/>. Inakses 05 Disyembre 2022.

## Sanggunian

### Limbag

Abulad, Romualdo E. “Introduction” sa *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita Quito* (Manila: De La Salle University Press, 1990).

Alejo, Albert E. *Tao po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao* (Quezon City: Office of Research and Publication Ateneo de Manila University, 1990).

Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)* (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2013).

Berlin, Isaiah. *The Sense of Reality: Studies in Ideas and their History* (New York: Farrar, Straus and Giroux, 1996).

Cristobal, Adrian E. *The Tragedy of the Revolution* (Makati City: Studio 5 Publishing Inc., 1997).

De Leon, Emmanuel C. at Marvin Einstein S. Mejaro. “An Interview with Leonardo Nieva Mercado, SVD”, sa *Kritike* Volume 10 Number 2 (Disyembre 2016).

De Leon, Emmanuel C. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* (Maynila: Aklat ng Bayan, 2019).

Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications Ateneo de Manila University, 2002).

- Gealogo, Francis A. “Kasalanan sa Ikaanim na Utos: Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal Noong ika-19 na Dantaon” sa Mary Dorothy dL. Jose at Atoy Navarro, *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino* (Quezon City: C&E Publishing, Inc. 2010).
- Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009).
- Husserl, Edmund. *Ideas: General Introduction to Pure Phenomenology* (New York: Collier Books, 1962).
- Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840 – 1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University of the Philippines, 1979)
- Mendoza, S. Lily. *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino-American Identities* (New York: Routledge, 2002).
- Mercado, Leonardo. *Elements of Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1974).
- Mercado, Leonardo. “Soul and Spirit in Filipino Thought”, sa *Philippine Studies* 39 (1991).
- Mercado, Leonardo. *Applied Filipino Philosophy* (Tacloban City: Divine Word University Publications, 1977)
- Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan Pambungad na Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000).
- Paz, Consuelo. *Ginhawa, Kapalaran, Dalamhati: Essays on Well-Being, Opportunity/Destiny, and Anguish* (Quezon City: University of the Philippines, 2008).
- Quito, Emerita. “Lectures on Comparative Philosophy” sa *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita Quito* (Manila: De La Salle University Press, 1990).
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013).

- Salazar, Zeus. “Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Pagliliunaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya”, sa *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino: Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kamulatan* (Lungsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1977).
- Salazar, Zeus. “Ilang Batayan para sa Isang Sikolohiyang Pilipino”, sa Rogelia Pe-Pua (pat.), *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1982).
- Salazar, Zeus A. “Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines”, sa Zeus A. Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Caritas Association for the City of Cologne, 1983).
- Salazar, Zeus A. “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History”, sa Zeus A. Salazar (ed.), *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology* (Cologne: Caritas Association for the City of Cologne, 1983).
- Salazar, Zeus A. *Si Andres Bonifacio at ang Kabayanihang Pilipino* (Lungsod Mandaluyong: Palimbagan Kalawakan, 1997).
- Salazar, Zeus A. *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan* (Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999).
- Salazar, Zeus A. *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas* (Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2004).
- Santos, José P. *Buhay at mga sinulat ni Emilio Jacinto* (Manila: José Paez Santos, 1935).
- Timbreza, Florentino. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino* (Quezon City: C&E Publishing, Inc).
- Tuibeo, Amable. *Introduction to Philosophy: A New Perspective* (Manila: FCA Printhouse, 2010).

## Mga disertasyon

De Joya, Preciosa A. *In Search of Filipino Philosophy* (Singapore: National University of Singapore, 2013).

Penalosa, Ma. Carmen V. *Hanapbuhay: The Filipino Bureaucrat's Quest for Ginhawa in the Workplace: Its Implications for Understanding Bureaucratic Corruption* (Quezon City: National College of Public Administration and Governance UP-Diliman, 2015).

## Online

Austronesian Comparative Dictionary, [https://www.trussel2.com/acd/acd-w\\_g.htm](https://www.trussel2.com/acd/acd-w_g.htm).

De Vega, Jose Mario. "Ang Community Pantry bilang Sampal at Rebelyon", sa *Rappler* (21 April 2021). <https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-community-pantry-slap-face-rebellion>. Inakses 26 Hunyo 2021.

Iya Gozum, "Red-tagging of Community Pantry sparks uproar online", sa *Rappler* (Abril 2021). <https://www.rappler.com/moveph/philippine-government-red-tagging-community-pantry-sparks-uproar-online/>. Inakses 05 Disyembre 2022.

Horkheimer, Max. "The Present Situation of Social Philosophy and the Tasks of an Institute for Social Research". <https://www.marxists.org/reference/archive/horkheimer/1931/present-situation.htm>. Inakses 10 February 2019.

*Vocabulario de la Lengua Tagala ni San Benaventura*, <http://sb.tagalogstudies.org/>. Pasasalamat kay Jaime Tiongson para sa punyaging ito.



*Ang Talas: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura ay tugon sa pangangailangang maging sentro ng edukasyon ang kultura. Sa pamamagitan ng journal na ito, nabibigyan ng espasyo ang mga mananaliksik na maibahagi ang mga bagong pag-aaral tungkol sa iba't ibang aspekto ng kultura sa bansa. Inaasahan ding magsilbing hikayat at hamon ang journal na ito sa mas maraming mananaliksik upang lumahok sa produksiyon ng karunungan makabuluhan sa nagbabagong konteksto ng edukasyon, kultura, at lipunang Filipino.*

ISSN 2545-9368 (print)  
ISSN 2599-3542 (online)

